

**NOTE:** *This only serves as a guide and questioning may not be limited only to elicit voluntary information found herein.*

## **PANG-HUKUMANG SINUMPAANG SALAYSAY**

Ako si \_\_\_\_\_, \_\_\_\_\_ taong gulang, na isinilang noong \_\_\_\_\_, (wala/meron) asawa, nagtrabaho bilang isang \_\_\_\_\_ sa \_\_\_\_\_, pagkatapos kung manumpa na naayon sa batas, ito ang aking mga salaysay:

### **MGA PAUNANG SALITA**

Na ayon sa A.M. No. 12-8-8-SC, na nag-aatas sa paggamit ng pang-hukumang salaysay na magsilbing direktang eksaminasyong salaysay ng isang saksi. Ang salaysay na ito ay puwedeng gamiting basehan ng kabilang kampo sa pag cross-eksaminasyon sa nagsasalaysay. Aking isinagawa ang pang-hukumang salaysay na ito sa pamamagitan ng isang tanong at sagot na ayos;

Na, alinsunod sa Seksyon 3 (b) ng nasabing A.M. No. 12-8-8-SC, akin ding sinasaad na si \_\_\_\_\_, imbestigador ng \_\_\_\_\_ ay siyang nangangasiwa sa eksaminasyon ng nagsasalaysay.

Na, alinsunod din sa Seksyon 3 (c), akin ding sinasaad sa ilalim ng parusang pagsira sa banal na pangako (perjury) na sa pag sagot sa mga tanong sa akin, na makikita sa ibaba, lubos kung alam na ang pagsasalaysay kong mga iyon ay naayon sa ilalim ng panunumpa sa batas at na ako ay mahaharap sa criminal na pananagutan para sa pagsira sa banal na pangako (perjury);

**AT SA ILALIM NG PANUNUMPA, AKO AY NAGSASABI SA MGA SUMUSUNOD:**

### **[ IMPORMASYON TUNGKOL SA KALAKARAN NANG IPINAGBABAWAL NA GAMOT ]**

1. T: Ano ang dahilan at naririto ka ngayon sa \_\_\_\_\_ (pangalan ng istasyon) na aming tanggapan?  
S: Gusto ko pong sumuko para maka pagbagong buhay at magbigay ng kusang loob na salaysay tungkol sa kalakaran ng aming grupo sa ipinagbabawal na gamot at iba pang krimen.

2. T: Kung sa gayon, maari mo bang ikuwento dito sa aming harapan ang lahat mong nalalaman na ginagawa ng grupo nyo tungkol sa ipinagbabawal na gamot at iba pang mga krimen na sinasabi mo?
- S: Opo sir. Ako po ay miyembro sa grupong \_\_\_\_\_ Gang, na tinatawag naming \_\_\_\_\_. Walo (8) kaming miyembro. Ang aming pinuno ay isang AWOL na pulis na ang pangalan niya ay \_\_\_\_\_. Ang pangalan ng iba kong kasama ay si \_\_\_\_\_, \_\_\_\_\_, \_\_\_\_\_, \_\_\_\_\_, \_\_\_\_\_ at \_\_\_\_\_. Ang ginagawa ng grupo namin ay nagtutulak ng ipinagbabawal na gamot na tinatawag na "SHABU". Hawak namin ang buong \_\_\_\_\_ sa pagsusuplay ng "SHABU". Nagbabagsak kami ng 5-10 kilo na "SHABU" sa isang linggo sa \_\_\_\_\_. Lahat kami ay may dalang kalibre .45 na baril at meron din kaming 2 mahabang baril na palaging nasa sasakyan namin. Doon kami nag tatago sa (hide-out) sa rest house ni \_\_\_\_\_ sa ilalim ng tulay sa \_\_\_\_\_,
3. T: Ano pa ang ginagawa ng iyong grupo, maliban sa pagtutulak ng "SHABU"?
- S: Pumapatay rin kami ng tao.
4. T: Nakapatay ka na ba ng tao? Kung nakapatay ka na, ilan?
- S: Opo. Walo (8) po.
5. T: Bakit ka pumapatay ng tao?
- S: Dahil iyon po ay utos ng pinuno namin. Ako po yong hitman namin. Yan lang po ang trabaho ko. Pero maliban sa hati ko sa grupo, binabayaran din ako ng grupo sa bawat taong mapapatay ko.
6. T: Magkano naman hinahati sa iyo at magkano naman bawat taong pinapatay mo?
- S: May hati po akong \_\_\_\_\_ kada buwan galing sa grupo at \_\_\_\_\_ naman ang binibigay ng grupo pag may napapatay ako.
7. T: Sino naman ang pinapapatay ng grupo nyo?
- S: Yong mga taong na "onsehan" ang grupo. Yong hindi po nag re remit ng tama sa amin o kayay yung tinakbo ang pera ng "SHABU" namin.
8. T: Yong mga taong yan lang ba ang pinapatay nyo? Wala ng iba?
- S: Opo. Sila lang po ang pinapatay ko. Hindi po ako nakapatay ng tao na walang atraso sa grupo.
9. T: Sino-sino naman yong napatay mong tao? Anu ang pagkakakilanlan

nila?

- S: Sa natatandaan ko, may pinatay akong isang Brgy. Kagawad ng \_\_\_\_\_ noong April 2016 na nagngangalang Kagawad \_\_\_\_\_. Yung isa naman ay pulis ng \_\_\_\_\_ noong Marso 2016 na nagngangalang Sarhento \_\_\_\_\_. Yung iba sa pagkakatanda ko ay si @\_\_\_\_\_, @\_\_\_\_\_, @\_\_\_\_\_ at yung isang babae na @\_\_\_\_\_.
- 10.T: Anong dahilan at pinatay mo sila.  
S: Yun nga po ang sabi ko kanina. Sila po lahat ay may mga atraso sa aming grupo tulad ng hindi nila pag remit sa perang galing sa pagbebenta ng "SHABU" at iba pa. Sila po lahat ay pusher namin. Kami po ang nagsusuplay ng "SHABU" sa kanila.
- 11.T : May alam ka bang kawaning gobyerno o local na opisyal na nagprotekta sa kalakaran ng pinagbabawal na gamot "SHABU" sa inyong lugar?  
S : Meron. Ang paniniwala ko ay ang amin mismong Mayor ay sangkot sa kalakaran at nagprotekta sa ipinagbabawal na gamot "SHABU" sa aming lugar.
12. T : Bakit mo nasabi na binibigyan ng proteksyon ng inyong Mayor ang kalakaran ng pinagbabawal na gamot sa inyong lugar?  
S : Kasi lahat nang nahuhuli ng mga pulis na mga nagtutulak ng "SHABU" sa aming lugar ay hindi nakasuhan sa paglabag sa batas laban sa ipinagbabawal na gamot dahil nakikialam po ang aming Mayor para hindi sila makasuhan.
- 13.T : Anu naman ginawa ng mga pulis?  
S : Dahil sa takot nila kay Mayor, kinukulong na lang nila ang mga nahuhuling nagtutulak sa istasyon at pinapakawalan din pagkatapos, at di na naghahabla ang mga pulis laban sa kanila. Kaya hanggang ngayon, hinahayaan na lang ng mga pulis ang kanilang ginagawa na pagtutulak ng "SHABU" sa aming lugar.
- 14.T : Ano pa ang masasabi mo, paano mo nasabi mong sangkot ang inyong Mayor sa kalakaran sa ipinagbabawal na gamot sa inyong lugar?  
S : \_\_\_\_\_ ay may di maipaliwanag na yaman. Simula nong siya ay nahalal bilang Mayor sa amin, siya ay nakapagpatayo ng 4 na malalaking bahay na may swimming pool, 5 magagarang mga kotse, 2 yati at 3 10-palapag na pang komersyong gusali.
- 15.T : Sinabi mo kanina na hinahayaan nalang ng mga pulis ang pagtutulak ng "SHABU" sa inyong lugar dahil nangingialam ang inyong Mayor at takot sila dito, sa ngayon, gaano kalaki na ang kalakaran sa ipinagbabawal na gamot sa inyong lugar?  
S : Sa paniniwala ko, halos lahat ng mga barangay sa aming

(Munisipalidad/Cyudad) ay napasok na ng mga nagtutulak ng "SHABU". Paniwala ko, lahat ng mga barangay ay may mga nagtutulak na.

16. T: \_\_\_\_\_xxxxx PATULOY NA TANONG xxxxx\_\_\_\_\_

S: \_\_\_\_\_xxxxx SAGOT xxxxx\_\_\_\_\_

17. T: Handa ka bang tumulong para mahanap at mapanagot sa batas ang ibang kasamahan mo dati?

S: Opo sir handa po akong tumulong para matigil na ang ginagawa nila.

18. T: Pansamantala ay wala na akong itatanong sa iyo, mayroon ka bang gustong idagdag o bawasan sa salaysay mong ito?

S: Sa ngayon, wala na po akong idagdag o ibabawas sa salaysay ko.

19. T: Ikaw ba ay tinakot, pinangakuan, binigyan ng pabuya o ano pa mang bagay sa pagbibigay mo ng salaysay na ito?

S: Hindi po. Wala pong nagbigay ng pabuya sa akin o kaya ay nangako o nanakot sa akin para lang magbigay ng salaysay na ito.

20. T: Handa mo bang lagdaan itong iyong salaysay na binubuo ng anim (6) pahina upang patotohanan na ang lahat ng iyong sinabi ay pawang katotohanan lamang

S: Opo.

-----WAKAS NG SALAYSAY-----

**Bilang Saksi**, aking lalagdaan ito sa ibaba ngayong ika \_\_\_\_\_ na araw ng \_\_\_\_\_, 2016 sa \_\_\_\_\_.

\_\_\_\_\_  
**Nagsasalaysay**

**NANGAKO AT SUMUMPA** sa harapan ko at sa harap ng ilang saksi ngayong ika \_\_\_\_ araw ng \_\_\_\_\_, 2016 sa Lungsod ng \_\_\_\_\_. Ako ay nagpapatunay na aking personal na sinuri ang taong nagsasaad na si \_\_\_\_\_, na siya ay kusang-loob na lumagda at naintindihan niya ang lahat ng kanyang mga isinalaysay.

\_\_\_\_\_  
Pinagsumpaang Opisyal

**PATOTOO**

Ako si, \_\_\_\_\_, imbestigador ng \_\_\_\_\_(Police Station)\_\_\_\_\_, na matatagpuan sa \_\_\_\_\_(Location)\_\_\_\_\_, sa aking sinumpaang tungkulin bilang Imbestigador sa kaso, aking sinasaad:

Na, ako mismo ang nangangasiwa sa naunang eksaminasyon sa itaas na isinasalaysay ni \_\_\_\_\_ sa \_\_\_\_\_(Police Station)\_\_\_\_\_ na matatagpuan sa \_\_\_\_\_(Location)\_\_\_\_\_;

Na, aking matapat na itinala at isinalin sa wikang Filipino ang mga tanong na ibinigay ko sa kanya at ang kanyang mga katumbas na sagot na ibinigay nya sa aking mga tanong;

Alinman, ako o kahit sinong tao ay hindi tinuruan ang nagsasalaysay hinggil sa kanyang mga sagot na ibinigay nya.

**Bilang Saksi**, aking lalagdaan ito sa ibaba ngayong ika \_\_\_\_\_ na araw ng \_\_\_\_\_, 2016 sa \_\_\_\_\_.

---

**Imbestigador**

**NANGAKO AT SUMUMPA** sa harapan ko at sa harap ng ilang saksi ngayong ika \_\_\_\_\_ araw ng \_\_\_\_\_, 2016 sa Lungsod ng \_\_\_\_\_. Ako ay nagpapatunay na aking personal na sinuri ang taong nagsasaad na si \_\_\_\_\_, na siya ay kusang-loob na lumagda at naintindihan niya ang lahat ng kanyang mga isinalaysay.

---

Pinagsumpaang Opisyal

